



# Mga pagpipiliang anaesthetic para sa pagpapalit ng balakang o tuhod

Ipinapaliwanag ng leaflet na ito ang iba't ibang pagpipiliang anaesthetic kapag mayroon kang operasyon para palitan ang iyong balakang o tuhod at kung ano ang maari mong asahan. Ito ay isinulat ng mga anaesthetist, mga kinatawan ng mga pasyente, at mga pasyente, na nagtulungan.

## Mga Nilalaman

Ipinapaliwanag ng leaflet na ito:

- ang iba't ibang uri ng anaesthetic para sa pagpapalit ng balakang o tuhod
- ano ang mangyayari bago ang operasyon
- paano pag-usapan ang mga panganib at opsyon kasama ang iyong anaesthetist
- paano maghanda para sa operasyon
- ano ang mangyayari sa araw ng operasyon
- ano ang mangyayari pagkatapos ng operasyon.

## Mga pagpipiliang anaesthetic para sa pagpapalit ng balakang o tuhod

Kapag ikaw ay sasailalim sa pagpapalit ng balakang o tuhod, may dalawang pangunahing uri ng magkaibang anaesthetic na maaring ibigay sa iyo:

- isang spinal anaesthetic
- isang general anesthetic.

May iba pang mga pamamaraan na maaari mo ring makuha, para mabawasan ang iyong kakulangan sa ginhawa at maging mas komportable ang buong karanasan. Ang mga ito ay:

- isang nerve block
- local anesthetic infiltration (mga iniksyon) sa paligid ng kasukasuan at sugat
- sedation

## Spinal anesthetic

Nagsasangkot ito ng pag-iniksyon ng mga gamot na pampamanhid sa mas mababang likod (sa pagitan ng mga buto ng iyong gulugod). Ginagawa nitong manhid ang ibabang bahagi ng katawan sa panahon ng operasyon at hindi mo maigagalaw ang iyong mga binti. Sa panahon ng spinal anaesthetic, maaari kang manatiling gising.

Mangyaring tingnan ang aming leaflet sa **spinal anaesthesia** para sa karagdagang impormasyon na isinalin sa iba't ibang wika dito:

[www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages](http://www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages)

## General anaesthetic

Ito ay gamot na nagbibigay ng kalagayang parang malalim na pagkakatulog. Ito ay mahalaga para sa ilang mga operasyon at pamamaraan. Wala kang malay at nararamdaman. Ang mga gamot para sa general anaesthetic ay karaniwang ipinapadaan sa ugat o pinapalanghap bilang gas, o kombinasyon ng dalawa.

## Nerve block

Ito ay ang pag-iniksyon ng local anaesthetic malapit sa mga ugat na papunta sa iyong binti. Ang iyong anaesthetist ay maaaring gumamit ng ultrasound machine para matulungang matukoy ang mga ugat. Ang bahagi ng iyong binti ay dapat na maging manhid at walang kirot sa loob ng ilang oras, para makabawas sa pangangailangan ng mas malakas na mga gamot laban sa kirot pagkatapos ng operasyon. Depende sa uri ng nerve block, maaaring hindi mo maigagalaw ng buo ang iyong binti hanggang sa mawalan na ng bisa ang local anaesthetic.

Ang operasyon ay hindi maisasagawa sa pamamagitan lang ng nerve block. Kakailanganin mo rin ng spinal o general anaesthetic. Mangyaring tingnan ang aming leaflet sa **nerve blocks** para sa karagdagang impormasyon na isinalin sa iba't ibang wika dito: [www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages](http://www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages)

## Wound infiltration

Ito ay ang pag-iniksyon ng local anaesthetic, at kung minsan ay pati ibang gamot na pampawi ng kirot, sa palibot ng ooperahang kasukasuan. Ibinibigay ito ng siruhano sa panahon ng operasyon. Maaari itong ibigay kasama ng spinal o general anaesthetic para maging mas komportable ka pagkatapos ng operasyon. Kung minsan, nag-iiwan ng maliit na tubong plastik sa kasukasuan para magdagdag ng iniksyon.

Nagbibigay ito ng ginhawa mula sa kirot, na hindi nakakaapekto sa lakas ng kalamnan ng binti. Ang tindi ng pagpawi ng kirot ay iba-iba, subalit maaaring kang makabangon nang mas maaga kaysa kung ikaw ay binigyan ng nerve block.

## Sedation

Ang sedation ay madalas na ginagamit na kasama ang spinal anaesthetic para ikaw ay kalmado at inaantok sa panahon ng operasyon. Ang sedation ay maaaring mababaw o malalim at maaari mong maalala ang lahat, ang ilang bagay, o wala kang maalala pagkatapos ng sedation.

Maari mong higit pang mabasa ang tungkol sa sedation sa aming leaflet **Sedation explained** na makikita sa iba't-ibang wika dito: [www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages](http://www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages)

## Pagpapasya kung aling opsyon ang pinakamainam para sa iyo

Tatalakayin sa iyo ng anaesthetist ang iba't ibang pagpipilian at kung alin ang pinakamabuti para sa iyo na naaayon sa iyong panganib, kalusugan, at uri ng iyong operasyon na gagawin.

### Nakabahaging paggawa ng desisyon

Ang Centre for Perioperative Care ay gumawa ng isang animation upang ipaliwanag ang pinagsamang paggawa ng desisyon. Maaari mo itong tingnan dito: [www.cpoc.org.uk/shared-decision-making](http://www.cpoc.org.uk/shared-decision-making)

Tinitiyak ng pinagsamang paggawa ng desisyon na ang mga indibidwal ay suportado sa paggawa ng desisyon na tama para sa kanila. Proseso ito ng pagtutulungan kung saan susuportahan ng clinician ang pasyente na makapagdesisyon tungkol sa kanyang gamutan.

Pinagsasama-sama ng pag-uusap ang:

- ang pagiging eksperto ng clinician, tulad ng mga pagpipilian sa gamutan, ebidensiya, mga panganib, at benepisyo
- ang alam ng pasyente na mas makabubuti: ang kanyang mga kagustuhan, personal na kalagayan, layunin, pinahahalagahan at paniniwala.

Alamin ang karagdagang impormasyon sa:

[www.england.nhs.uk/personalisedcare/shared-decision-making](http://www.england.nhs.uk/personalisedcare/shared-decision-making)

Narito ang ilang mga kagamitan na maaari mong gamitin para mas maunawaan mo ang mga pakikipag-usap kasama ang iyong anaesthetist o staff ng preoperative assessment:

### Pagpili sa Wisely UK BRAN framework

Gamitin ito bilang paalala na magtanong tungkol sa gamutan. [https://bit.ly/CWUK\\_leaflet](https://bit.ly/CWUK_leaflet)

## **May tatlong tanong ang NHS**

Maaaring mayroong mga pagpipilian tungkol sa iyong pangangalaga sa kalusugan.  
[https://bit.ly/NHS\\_A3Qs](https://bit.ly/NHS_A3Qs)

## **Ang Centre for Perioperative Care (CPOC)**

Gumawa ang CPOC ng animation para ipaliwanag ang pinagsamang paggawa ng desisyon.

[www.cpoc.org.uk/shared-decision-making](http://www.cpoc.org.uk/shared-decision-making)

## **Mga tanong na maaaring gusto mong itanong**

Kung may mga katanungan ka tungkol sa iyong anaesthetic, isulat ang mga ito (maaari mong gamitin ang mga halimbawa sa ibaba at idagdag ang sariling tanong sa espasyo sa ibaba). Kung gusto mong makipag-usap sa isang anaesthetist bago ang araw ng iyong operasyon, makipag-ugnayan sa pangkat sa pagsusuri bago ang operasyon, na maaaring mag-ayos para sa iyo na makipag-usap ka sa isang anaesthetist sa telepono o makita sila sa klinika.

- 1. Anong uri ng pampamanhid ang pinakamainam para sa akin at bakit?**
- 2. Mayroon ba akong anumang mga espesyal na peligro?**
- 3. Ano ang magagawa ko upang pahusayin ang aking kalusugan bago ang operasyon?**

## **Panganib at pampamanhid**

Ligtas ang mga makabagong pampamanhid. May ilang karaniwang mga side effect mula sa mga gamot na pampamanhid o sa kagamitang ginagamit, na kadalasan ay hindi seryoso o pangmatagalan ang epekto. Magkakaiba ang mga panganib sa bawat indibidwal at depende ito sa proseso at pamamaraan na ginamit sa pagbigay ng pampamanhid.

Tatalakayin ng iyong anaesthetist sa iyo ang mga panganib na sa tingin niya ay mas mahalaga para sa iyo. Ipaliliwanag lamang nila ang mga hindi pangkaraniwang panganib kung mahahalaga ang mga ito sa iyo.

Kung gusto mong basahin ang higit pang detalye tungkol sa mga panganib na nauugnay sa pampamanhid, mayroong impormasyon sa iba't ibang wika dito: [www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages](http://www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages)

## Bago ang iyong operasyon

### Ang klinikang nagsusuri bago ang operasyon

Karamihan sa mga ospital ay iimbitahan kang dumalo sa isang klinikang nagsusuri bago ang operasyon upang malaman ang tungkol sa iyong pangkalahatang kalusugan at mga antas ng aktibidad.

Mangyaring dalhin ang listahan ng mga gamot na iniinom mo, o dalhin ang iyong mga gamot sa buong pakete ng mga ito.

Tatanungin ka tungkol sa iyong pangkalahatang kalusugan at aktibidad at tungkol sa iyong mga nakalipas na sakit, operasyon, at pampamanhid. Tatanungin ka rin tungkol sa anumang mga allergy na maaring mayroon ka.

Susuriin ng kawani ang iyong kalusugan para sa operasyon at mag-uutos ng lahat ng mga pagsusuri na kailangan mo, tulad ng mga pagsusuri sa dugo o ng isang electrocardiogram (ECG) upang suriin kung gaano kahusay gumagana ang iyong puso. Maaaring kabilang sa mga pagsusuri sa dugo ang pagsusuri sa iyong mga antas ng iron at pagrereseta ng mga pandagdag sa iron kung kinakailangan. Makakatulong ito na mabawasan ang pangangailangan para sa pagsasalin ng dugo sa panahon ng operasyon.

Kakausapin ka rin ng kawani tungkol sa mga uri ng pampamanhid na para sa iyong operasyon. Maaari mo ring makilala ang isang anaesthetist upang talakayin ang iyong kalusugan nang mas detalyado at ang iyong mga pagpipilian sa anestetiko. Maaari silang magrekomenda ng isang partikular na pagpipilian ng pampamanhid kung mayroon kang ilang partikular na kondisyong medikal.

Kung mayroon kang mga kumplikadong problemang medikal o limitadong pagkilos na hindi dulot ng iyong mga kasukasuan, maaaring mas mataas ang panganib mo mula sa pampamanhid at/o sa operasyon. Maaaring nais mo ng dagdag na oras para pag-isipan kung itutuloy ang operasyon at upang pag-usapan kasama ang iyong pamilya o mga tagapag-alaga.

## Paghahanda para sa operasyon

Mas mabilis na gumagaling mula sa operasyon at may mas kaunting komplikasyon ang mga pasyenteng may kakayahang mapabuti ang kanilang kalusugan at pamumuhay.

Marami kang magagawa para ihanda ang iyong sarili para sa isang operasyon. Kahit maliliit na mga pagbabago ay maaaring gumawa ng malaking pagkakaiba. Baka gusto mong pataasin ang iyong mga antas ng pisikal na aktibidad at pagbutihin ang iyong diyeta. Kung umiinom o naninigarilyo ka, dapat mong isaalang-alang ang pagbabawas o maging ang pagtigil nito.

Kung mayroon kang matagal nang problemang medikal, suriin sa iyong GP ng pag-opera kung mayroon kang anumang bagay na magagawa upang mapabuti ito bago ang operasyon.

Magbibigay sa iyo ng impormasyong kailangan mo para maging mas fit at mas maging handa para sa iyong operasyon ang aming **Fitter Better Sooner** na mapagkukunan. Mangyaring bisitahin ang aming website para sa higit pang

impormasyon na available sa iba't ibang wika dito:  
[www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages](http://www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages)

## Mga programa sa prehabilitation

Kung mayroon kang naka-planong operasyon sa baywang o tuhod, ang iyong ospital ay maring mag-alok ng hanay ng mga programang tutulong sa iyong maging mas maayos para sa iyong operasyon, mapabilis ang iyong paggaling at makaalis nang mas maaga sa ospital. Nasa ibaba ang ilang mga halimbawa ng mga programa sa prehabilitation. Tanungin mo ang iyong surgeon o pagtatasa bago ang operasyon kung pinapatakbo ng ospital mo ang mga programang ito.

## Mga paaralan sa baywang at tuhod (kasukasuan)

Maraming ospital ang nag-aalok ng mga sesyon ng impormasyon na maaaring mong daluhan bago ang iyong operasyon. Kilala ang mga ito bilang 'Mga paaralan ng kasukasuan'. Nilalayon nilang ipaalam sa mga pasyente ang tungkol sa iba't ibang hakbang ng paglalakbay sa operasyon, magmula sa paghahanda para sa pagpasok hanggang sa paggaling sa tahanan. Maaari ka ring magtanong ng anumang mga katanungan na maaaring mayroon ka tungkol sa operasyon at sa anestisya.

## Pinahusay na Programa sa Paggaling

Ang pinabilis na pagpagaling ay ang pangalang ibinigay sa isang programa na naglalayong ibalik ka sa iyong normal na kalusugan sa lalong madaling panahon pagkatapos ng isang malaking operasyon. Tinitingnan ng mga kawani ng ospital ang lahat ng ebidensya ng kung ano ang maaari mong gawin at ang maaari nilang gawin bago, habang at pagkatapos ng iyong operasyon upang makatulong na mabigyan ka ng pinakamahusay na mga pagkakataon para sa mabilis at ganap na paggaling.

Ang mga programa ay magkakaiba depende sa kung anong operasyon ang mayroon ka at kung saang ospital ka ginagamot, ngunit ang mga dahilan para dito ay maring kabilang ang:

- pagpapalakas sa katawan mo bago ang operasyon kung may sapat na panahon
- paggamot sa iba pang matagal nang medikal na kondisyon
- pagbabawas ng oras ng iyong pag-aayuno sa pamamagitan ng pagbibigay sa iyo ng tubig at inuming may carbohydrate bago ang operasyon
- pagbibigay sa iyo ng gamot para maiwasan ang pagkakasakit pagkatapos ng operasyon
- pagsasaalang-alang sa pinakamahusay na paraan para maibsan ang pananakit habang inooperahan
- paggamit ng mga local anaesthetic block o regional anesthetic kung saan posible
- pagbibigay sa iyo ng pinakamahusay na pampawi ng kirot pagkatapos upang makakilos ka muli ng mas mabilis

- panghihikayat sa iyo na Uminom, Kumain, at Kumilos sa loob ng 24 na oras pagkatapos ng operasyon (DrEaMing)
- pagbabawas ng oras na mayroon kang catheter at suwero na nakakabit
- pagtuturo sa iyo ng mga ehersisyo para matulungan kang gumaling pagkatapos ng operasyon mo.

## Sa araw ng iyong operasyon

Dapat kang bigyan ng ospital ng mga malinaw na tagubilin tungkol sa pagtigil sa pagkain at pag-inom. Mahahalaga ang mga tagubiling ito. Kung may pagkain o inumin sa iyong tiyan sa panahon ng pagbibigay ng pampamanhid, maaari itong umakyat sa lalamunan at baga. Posibleng magdala ito ng panganib sa iyong buhay. Ngunit, hahayaan kang sumipsip ng malinaw na likido hanggang sa dalawang oras bago ang operasyon.

Kung mayroon kang diabetes, mangyaring kumonsulta sa iyong ospital tungkol sa kung kailan pwedeng kumain at uminom at kung anong gamot sa diabetes ang dapat inumin sa araw ng iyong operasyon.

Kung hindi ka huminto sa paninigarilyo bilang bahagi ng iyong paghahanda para sa iyong operasyon, hindi ka dapat manigarilyo sa araw ng iyong operasyon. Hindi ka rin dapat mag-vape.

Kung umiinom ka ng mga gamot, kakailanganin mo ng mga tiyak na tagubilin mula sa pangkat ng pre-assessment tungkol sa kung alin ang dapat mong inumin sa araw na iyon. Maaari kang uminom ng kaunting tubig para mainom ang anumang tableta kung kinakailangan.

Kung umiinom ka ng anumang gamot na 'pampababa ng dugo,' tulad ng warfarin, clopidogrel, o rivaroxaban, kakailanganin mong talakayin sa pangkat ng pangangalagang pangkalusugan kung kailan mo dapat ihinto ang pag-inom ng mga ito. Gayunpaman, maaring magkaroon ng panganib kung ititigil mo ang pag-inom ng mga gamot na ito at maaari kang resetahan ng iba.

Kung masama ang pakiramdam mo kapag dapat ka na pumunta sa ospital, mangyaring tumawag sa ward para sa payo.

## Makipagkita sa iyong anestetista

Maaari kayong makipagkita sa anestesista sa kanilang klinika ng paunang pagtatasa. O di kaya'y maaari kayong makipagkita sa iyong anestesista sa ospital sa mismong araw ng iyong operasyon. Ipaliliwanag nila kung anong uri ng pampamanhid ang ibibigay sa iyo, kasama na ang mga pakinabang, peligro, at ang mga gusto ninyong mangyari, at magdedesisyon kayo kung anong pampamanhid ang pinakamahasag para sa iyo. Maaari ka ring makatagpo ng iba pang lubos na sinanay na propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan. Maaari kang magbasa nang higit pa tungkol sa mga tungkuling ito at ang pangkat ng pampamanhid sa aming website:

[www.rcoa.ac.uk/patientinfo/anesthesia-team](http://www.rcoa.ac.uk/patientinfo/anesthesia-team)

## Pagkakaroon ng 'pre-med' (paunang gamot)

Paminsan-minsang ibinibigay ang paunang gamot (isang 'pre-med') bago ang ilang pampamanhid. Inihahanda ng mga pre-med ang iyong katawan para sa operasyon – maaari nilang simulan ang pagtanggap ng pananakit, bawasan ang asido sa tiyan o tulungan kang mag-relax.

## Kapag tinawag ka para sa iyong operasyon

- Sasamahan ka ng miyembro ng kawani patungo sa teatro.
- Karaniwang maaari mong isuot ang iyong salamin, contact lenses, mga hearing aid, at pustiso hanggang ikaw ay nasa silid kung saan ibibigay ang anesthesia. Maaari mong mapanatili ang mga ito kung wala kang pangkalahatang pampamanhid.
- Kung magkakaroon ka ng lokal o rehiyonal na pampamanhid, tulad ng spinal, maaari mong dalhin ang iyong sariling elektronikong device na may headphones para makinig ng musika (kumonsulta muna sa iyong nars).
- Maaari kang maglakad papunta sa teatro, na sinamahan ng isang miyembro ng kawani, o maaari kang sumakay sa wheelchair o sa isang kama o troli. Maaari mong suotin ang iyong sariling gown na pang-ospital at tsinelas kapag ikaw naglalakad ka.

Gagawin ang mga regular na pagsusuri pagdating mo sa operating department, bago magsimula ang anesthetic. Itatanong sa iyo ang iyong pangalan, petsa ng iyong kapanganakan, ang operasyon na gagawin sa iyo, ang bahagi ng iyong katawan kung saan gagawin ang surgery, kung kailan ka huling kumain o uminom, at tungkol sa anumang allergy. Ang mga pagsusuring ito ay pamantayan sa lahat ng ospital at mahalagang bahagi ng mga pamamaraang pangkaligtasan.

## Pagsisimula ng pampamanhid

Maaaring simulan ang iyong pampamanhid sa silid ng pampamanhid o sa teatro sa pag-opera. Makikipagtulungan ang iyong anesthetista sa isang sinanay na katulong. Ang anesthetist o ang kanyang assistant ay magkokonekta sa iyo ng mga makina na susukat sa bilis ng iyong puso, presyon ng dugo, at antas ng oksiheno.

Ipapasok sa isang daluyan ng dugo sa likod ng iyong kamay o braso ang isang manipis na plastik na tubo na cannula. Gagamitin itong pampamanhid at anumang iba pang mga gamot na kinakailangan sa panahon at pagkatapos ng operasyon. Kung nababalisa ka tungkol sa pagpasok ng cannula, maaari kang magkaroon ng lokal na pampamanhid na cream upang mamahid ang parte.

## Sa panahon ng operasyon

Ang iyong anesthetist ay mananatili sa iyo para sa buong operasyon at susubaybayan ang iyong kondisyon nang napakahigpit, na isinasaayos ang anesthetic kung



kinakailangan. Kung gising ka o binigyan ng pagpapakalma, kakausapin ka ng anesthetista para mapanatag ka at tulungan kang magrelaks.

## Pagsasalin ng dugo at mga alternatibo

Sa panahon o pagkatapos ng ilang operasyon, maaari kang mawalan ng maraming dugo.

Kung kinakailangan, maaaring gamitin ang pagsasalin ng dugo para mapalitan ang nawalang dugo sa iyo.

Paki tanong sa iyong siruhano o anesthetist kung may gusto ka pang malaman tungkol sa pagsasalin ng dugo at anumang mga alternatibo na maaaring magamit.

Makakahanap ka rin ng higit pang impormasyon mula sa website ng NHS:

[www.nhs.uk/conditions/blood-transfusion](http://www.nhs.uk/conditions/blood-transfusion)

## Pagkatapos ng operasyon

- Dadalhin ka sa recovery room, isang espesyal na ward na malapit sa silid ng operating theater kung saan ikaw ay mahigpit na susubaybayan habang ikaw ay nagrerekober mula sa anesthetic.
- Makakatanggap ka ng masinsinang pangangalaga mula sa isang propesyonal sa kalusugan sa loob ng recovery room. May mga ibang pasyente rin sa parehong silid.
- Ang iyong heart rate, presyon ng dugo, at antas ng oxygen ay babantayan ng maigi. Karaniwang bibigyan ka ng oxygen sa pamamagitan ng magaan na plastik na face mask.
- Maaari kang lagyan ng drip o intravenous line para mabigyan ka ng mga likido sa pamamagitan ng cannula.
- Kung mayroon kang pangingirot o sakit, agaran itong gagamutin.
- Posibleng alukin ka ng maiinom.
- Kapag nasiguro na ng staff ng recovery room na ligtas ka nang nakabawi mula sa anesthetic, dadalhin ka pabalik sa ward.

## Pampawi ng kirot

Ang anesthetic para sa pagpapalit ng balakang o tuhod ay karaniwang nakatuon sa pagpapabawas ng kirot matapos ng iyong operasyon, pero ang kirot ay normal na bahagi ng proseso ng paggaling. Ang layunin ng pampawi ng kirot matapos ng iyong operasyon ay para mas matitiis ang kirot at makakabangon ka para masimulang gamitin ang iyong bagong kasukasan. Hindi posible na lubusang alisin ang pangingirot at asahan na makakaramdam pa rin ng kirot kahit papaano.

Narito ang ilang paraan para mapawi ang kirot:

## Mga pill, tableta, o likido na iinumín

Ito ang kadalasang ginagamit na paraan para mapawi ang kirot pagkatapos ng pagpapalit ng balakang at tuhod. Maaari kang resetahan ng mga pain killer na naglalaman ng mga opioid pagkatapos ng iyong operasyon. Mahalagang bawasan at pagkatapos ay ihinto ang paggamit ng mga gamot na ito sa lalong madaling panahon dahil ang patuloy na paggamit nito ay maaaring magdulot ng malubhang pinsala sa iyo.

Makakahanap ka ng higit pang impormasyon sa mga opioid dito sa website ng Faculty of Pain Medicine:

[www.fpm.ac.uk/opioids-aware/information-patients](http://www.fpm.ac.uk/opioids-aware/information-patients)

## Mga iniksyon

Ang mga iniksyon na itinuturok sa ugat ay may napakabilis na epekto. Mas mabagal ang epekto ng mga iniksyon na itinuturok sa kalamnan ng hita o puwit. Posibleng magbigay din ng mga malalakas na gamot na pampawi ng kirot, tulad ng morphine, pethidine, o codeine.

## Pag-uwi at kung kailan hihingi ng tulong

Ang bilis ng iyong pag-uwi ay nakadepende sa kung gaano ka kabilis na makarekober mula sa operasyon, ang kalagayan ng iyong kalusugan, at ang uri ng operasyon at anesthetic mo. May ilang pasyente na maaaring umuwi sa parehong araw sa ilang ospital, habang ang iba ay maaaring manatili sa ospital ng ilang araw. Kadalasan, maaari kang umuwi kapag nagsimula ka nang kumain, uminom, at maglakad. Ang healthcare team ay nais ring tiyakin na kontrolado ang anumang pangigingirot na nararamdaman mo at kaya mong makaihi bago ma-discharge.

Hindi ka makakapagmaneho pagkatapos ng operasyon, kaya dapat kang magsaayos ng taxi o sinumang maaaring susundo sa iyo.

Bago ma-discharge, bibigyan ka ng impormasyon sa anumang mga ehersisyo na dapat mong gawin para matulungan kang makarekober at impormasyon kung paano aalagaan ang iyong sugat.

Dapat kang makipag-ugnayan sa iyong GP o sa ospital kung saan ka nagkaroon ng operasyon kung:

- mayroon kang matinding pangigingirot o mas tumitindi ang pangigingirot
- nagkakaroon ka ng pangigingirot at pamamaga kung saan ka nagkaroon ng operasyon
- nakakaranas ka ng pananakit ng dibdib o nahihirapan sa paghinga
- mayroon kang anumang mga alalahanin na hindi saklaw ng discharge information na ibinigay sa iyo ng ospital.

Kung masyadong masama ang iyong pakiramdam, dapat kang pumunta sa pinakamalapit na emergency department sa lalong madaling panahon.

## Disclaimer

Sinisikap naming tiyaking tumpak at napapanahon ang impormasyon sa polyetong ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin inaasahan na masasagot ng pangkalahatang impormasyon na ito ang lahat ng posibleng tanong mo o na matatalakay nito ang lahat ng maaaring mahalaga para sa iyo. Dapat mong talakayin ang iyong mga desisyon at anumang alalahanin mo sa iyong medikal na team, gamit ang polyetong ito bilang gabay. Hindi dapat ituring na payo ang polyetong ito. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layuning komersyal o pangnegosyo. Para mabasa ang buong disclaimer, mag-click dito ([www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog](http://www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog)).

Gawa ang lahat ng pagsasalin ng komunidad ng mga tagasalin ng Translators Without Borders. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasalang ito para masigurong tumpak hangga't maaari ang mga salin, ngunit maaaring magkaroon ng mga hindi tumpak na salin at maling pagpapakahulugan sa ilang impormasyon.

## Sabihin sa amin kung ano ang iniisip mo

Kung mayroon kang anumang pangkalahatang komento, mangyaring i-email ang mga ito sa: [patientinformation@rcoa.ac.uk](mailto:patientinformation@rcoa.ac.uk)

### Royal College of Anaesthetists

Churchill House, 35 Red Lion Square, London WC1R 4SG  
020 7092 1500

**rcoa.ac.uk**

### Ikaanim na Edisyon, Hunyo 2023

Ang leaflet na ito ay susuriin sa loob ng tatlong taon mula sa araw ng paglathala.

#### © 2023 Royal College of Anaesthetists

Ang leaflet na ito ay maaaring kopyahin para sa layunin ng paggawa ng mga materyales sa impormasyon ng pasyente. Paki-quote itong orihinal na pinagmulan. Kung may bahagi ng leaflet na nais mong gamitin sa ibang publikasyon, dapat na magbigay ng angkop na pagkilala at alisin ang mga logo, branding, larawan, at icon. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.